

SPRING NEWSLETTER 2020 - VOLUME 2 - SPECIAL EDITION

Supporting Immigrant Communities Amid COVID-19 Crisis

PROTECT UNDOCUMENTED IMMIGRANTS:

Inihayag ni Gobernador Gavin Newsom ang Pinansiyal na Suporta para sa mga Immigrante na walang sapat na dokumento sa imigrasyon upang maibsan ang epekto ng COVID-19 na may kaugnayan sa kagipitan sa Pananalapi. Simula Mayo, ang mga imigranteng walang sapat na dokumento sa imigrasyon at may sapat na gulang sa California ay maaaring mag-aplay upang makatanggap ng isang beses na benepisyo na [cash na nagkakahalga ng \\$500 sa bawat may sapat na gulang eto ay may limitasyon na \\$1,000 sa bawat sambahayan](#) upang maharap ang mga pangangailangan na epekto ng COVID-19 pandemic. [Upang malaman kung paano mag-aplay para sa benepisyo na ito o makatanggap ng tulong para sa proseso ng aplikasyon, mangyaring makipag-ugnay sa aming tanggapan.](#)



COVID-19 Immigrant Public Charge Update

Epekto ng Panuntunan sa Public Charge sa COVID-19 na may kaugnayan sa Public Assistance Ang panuntunan sa Public Charge ay hindi dapat malimitahan ang **pag-access sa pangangalagang medikal** ([testing, screening o paggamot ng mga nakakahawang sakit, kabilang ang COVID-19](#)). Kung ikaw ay nasa proseso ng pag-apply para sa mga *visa* o *Green Card* at ikaw ay umaasa sa cash o non-cash na pampublikong benepisyo dahil sa COVID-19, maaari lamang na magbigay ng paliwanag at mga dokumento na susuporta bilang dahilan sa iyong pagkuha ng benepisyo na may kaugnayan sa COVID-19, dahil ito ay isasaalang-alang ng USCIS sa kanilang pagpapasya kung ikaw ay nararapat na pagkalooban ng *Visa* o *Green Card*.

Kung nais mong makipag-usap sa isang abogado para sa legal na payo, maaari pong tawagan ang aming tanggapan sa [\(415\) 567-6255](#) or [\(510\) 251-2846](#). Isang empleyado ng APILO ay handa ng makipagusap sa inyo sa **Korean, Tagalog, Intsik, Hapon, Espanyol, Vietnamese** at **Ingles**.

MGA IMPORTANTENG BAGONG IMPORMASYON TUNGKOL SA *THE CARES ACT*: ANO ANG KAILANGAN MO MALAMAN

Important IRS Economic Impact Payment Update

- Inilunsad ng IRS ang isang online tool para sa mga hindi pangkaraniwan na nag-fifile ng buwis para sa *Federal Income Tax* upang magrehistro at magpasok ng impormasyon sa pagbabayad, para makatanggap ng Economic Impact Direct Payment. Mangyaring i-rehistro ang iyong impormasyon [DITO](#).
- Maaari mo ring i-monitor at subaybayan ang estado ng iyong Stimulus Direct payment [DITO](#).
- Maraming mga karapat-dapat na tumanggap ng Stimulus Direct Payment ang nakakaranas ng pagkaantala sa pagtanggap ng kanilang benepisyo sa oras dahil sa mga kadahilanang tulad ng hindi tumpak na impormasyon sa pagbabangko o mga glitches sa website ng IRS. Mangyaring idokumento ang anumang kahirapan na naranasan mo at patuloy na subukang mag-access ng impormasyon sa pang-araw-araw na batayan.



Mangyaring alamin ang mga kondisyon at kinakailangan maging karapat-dapat para sa mga programa ng CARES Act dahil eto ay patuloy na nagbabago. Mangyaring tumawag sa aming tanggapan sa numero 415-567-6255 o (510) 251-2846 para sa mas malalim at napapanahon na impormasyon.

UNEMPLOYMENT INSURANCE

Ang Mga Cares Act Pandemic Unemployment Assistance (PUA) Benefits Update

- Ang isang karagdagang \$ 600 sa bawat lingguhang halaga ng benepisyo na maaari mong matanggap, bilang bahagi ng magkahiwalay na programa ng CARES Act Pandemic Additional Compensation program, ay sumasaklaw lamang sa pagitan ng mga linggo ng 3/29/2020 at 7/25/2020. May mag karagdagang impormasyon ang matatagpuan [DITO](#).
- Maaari kang maging karapat-dapat na makatanggap ng mga benepisyo ng PUA kahit na wala kang sapat na kasaysayan ng pagtra-trabaho o kung mayroon kang alok na magtrabaho na magsimula sa isang tiyak na petsa ngunit hindi mo nagawang magsimula dahil sa bagay na may kaugnay sa COVID-19. Maraming impormasyon ang matatagpuan [DITO](#).



SMALL
BUSINESS



DEFEND
DACA
#DACAHOPE

- Ang isang ikalawang pag-ikot ng \$484 bilyon COVID-19 na relief package para sa mga maliliit na negosyo ay naipasa. Kasama dito ang \$60 bilyon na ikakalat sa mga unyon ng kredito at mas maliit na nagpapahiram upang matulungan ang mga negosyo na hindi gumagamit ng mga pangunahing institusyong pampinansyal. **Sa sandaling simulan ng pagtanggap ng Small business Administration) SBA ang mga aplikasyon muli, mahalaga na kumilos nang mabilis habang ang pondo para rito ay may kasaganahan pa . Mangyaring ihanda nang maaga ang iyong mga dokumento sa pananalapi.**
- Nanawagan si Senador Kamala Harris ng California sa SBA upang matiyak na ang mga maliliit na negosyo na pagmamayari ng mga komunidad nang minorya na may mababang kita na bigyan ng pagkakataon na magkaroon pagkakataon na makahiram ng pondo sa ilalim ng patas na mga batas sa nagpapahiram.
- Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat at mga proseso ng aplikasyon para sa mga potensyal na hinaharap na pautang sa PPP o EIDL, **mangyaring tumawag sa aming tanggapan para sa tulong.**

ANG API LEGAL OUTREACH, AY ISANG NON-PROFIT ORGANIZATION NA NAGSUSULONG NG HUSTISYA SA LIPUNAN, AY MAGHAHANDOG NG TULONG SA, MGA ORGANISASYON NA BATAY SA KOMUNIDAD AT MALILIIT NA NEGOSYO SA AMING MGA PAMAYANAN NA KWALIPIKADO PARA SA FEDERAL AID.

MANGYARING TUMAWAG SA AMING OPISINAPARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON.

WWW.APILEGALOUTREACH.ORG | (415) 567-6255 | (510)251-2846 | (209) 466-0721



Got DACA?
Renew today!

FREE CONSULT AND FILING!

If your DACA is set to expire soon, we encourage you to contact our free legal and social services at API Legal Outreach for assistance with the renewal process.

If eligible, our lawyers will cover the following at no cost:

- * Free Consult & Filing
- * Application Preparation
- * Application Filing Fee (\$495)



**TO START YOUR CONSULTATION OR
FOR MORE INFORMATION
CONTACT US TODAY AT
OAKLAND OFFICE: (510) 251-2846
SF OFFICE: (415) 567-6255**

SUPPORTED BY:



WWW.APILEGALOUTREACH.ORG